DepEd Advisory No. 316, s. 2015
October 19, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

SERTIPIKONG PROGRAMA SA PAMBANSANG PAGSASANAY SA BATAYANG ANTAS NG PAGSASALIN (UNANG SERYE)

Ang Komisyon sa Wikang Filipino (KWF) ay magdaraos ng Sertipikong Programa sa Pambansang Pagsasanay sa Batayang Antas ng Pagsasalin (Unang Serye) simula ika-11 hanggang 12 ng Nobyembre, 2015 sa Bangko Sentral ng Pilipinas, A. Mabini St., Malate, Maynila.

Ang pangunahing layunin ng pagsasanay ay ang matipon ang mga tagasalin at lahat ng may kakayahang magsalin hindi lamang sa Pilipino kundi sa iba pang katutubong wika ng Pilipinas, gayundin sa wikang Ingles, Español at iba pang wikang banyaga. Ito ay itinuturing na pambansang pagsasanay sapagkat ang pipiliing tagasalin ng mapabibilang sa binubuong registry ng tagasalin ay magmumula sa iba't ibang rehiyon ng bansa.

Inaanyayahang dumalo sa pagsasanay ang mga kinatawan ng mga nabanggit na tanggapan upang madagdagan, at maisapanahon ang kanilang mga kaalaman na makatutulong sa pagpapabuti ng kanilang gampanin sa paghahatid ng kaalamang pangmadla, gaya ng mga editor, mga manunulat, mga mananaliksik, mga iskolar, at iba pa.

Ang bilang ng mga inaanyayahan ay limitado para sa unang serye. Hinihikayat na magpatala ng maaga at ikumpirma ang pagdalo bago *Oktubre 16, 2015*.

Ang patakaran sa partisipasyon ng mga guro at kawani sa pampubliko at pampribadong paaralan ay dapat naaayon sa *no disruption-of-classes policy* na nasasaad sa DepEd Order No. 9, s. 2005 na may pamagat na *Instituting Measures to Increase Engaged Time-on-Task and Ensuring Compliance Therewith.*

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring makipag-ugnayan sa:

Komisyon sa Wikang Filipino (KWF)
2/F Watson Building
1610 JP Laurel Street
San Miguel, Maynila
Telepono: (02) 736-2525 lokal 107
Mobile: 0934-314-8801
Email: komfil.gov@gmail.com
Website: www.kwf.gov.ph

Alma/DA sertipikong programa
0644-October 15, 2015